| GRADES 1 to 12<br>DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File created by Ma'am EDNALYN D. MACARAIG | Learning Area: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates and Time: | MARCH 11 – 15, 2024 (WEEK 7) | Quarter: | 3RD QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa sa mga pagbabago sa lipunan ng sinaunang Pilipino kabilang ang pagpupunyagi ng ilang pangkat na mapanatili ang kalayaan sa Kolonyalismong Espanyol at ang impluwensya nito sa kasalukuyang panahon. | | | | |
| **B. Pamantayan sa pagganap** | Nakakapagpakita ng pagpapahalaga at pagmamalaki sa pagpupunyagi ng mga Pilipino sa panahon ng kolonyalismong Espanyol | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto**<br>Isulat ang code ng bawat kasanayan | 6.1.2. Naipakikita sa pamamagitan ng malikhaing pamamaraan ang paraan ng<br>pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubo<br>6.1.3. Nakapagbibigay ng saloobin ukol sa naging marahas na pamamaraan ng<br>pagsakop ng mga EspanyolAP5KPK-III-G-i6 | 6.2.1. Naiisa-isa ang mga paraang armadong pananakop ng mga Espanyol<br>6.2.2. Naisasagawa ang mga paraang ng pananakop na ginawa ng mga armado.<br>6.2.3. Napapahalagahan ang pagmamahal ng mga katutubo sa kanilang sariling<br>bayan, kultura at paniniwala AP5KPK-IIIg-i6 | 6.2.1. Natatalakay ang ibat ibang reaksyon ng mga katutubong pangkat sa ilalim<br>ng armadong pangkat<br>6.2.2. Naisasadula ang mga naging reaksyon ng mga katutubo sa armadong<br>pananakop ng mga Espanyol<br>6.2.3. Napapahalagahan ang pagmamahal ng mga katututbo sa kanilang sariling<br>bayan, kultura at paniniwala P5KPK-IIIg-i6 | 6.3.1. Naiisa-isa ang mga isinagawang rebelyon o pag aalsa ng mga katutubong pangkat<br>6.3.2. Naipapakitang kilos ang mga isinagawang pag-aalsa ng mga katutubong pangkat laban sa mga Espanyol sa pamamagitan ng duladulaan<br>o piping palabras<br>6.3.3. Napapahalagahan ang katwiran ang ginawang rebelyon ng mga katutubong pangkat laban sa mananakop na Espanyol AP5KPK-IIIg-i6 | 6.4.1.1. Natatalakay ang pagbubukas ng bansa sa kalakalang pandaigdigan<br>bilang isa sa sanhi ng pagbuhay ng pagiging nasyonalismo ng mga Pilipino<br>6.4.1.2. Nasusuri ang bunga ng pagbubukas ng bansa sa pandaigdigang<br>kalakalan sa pamamagitan ng graphic organizer<br>6.4.1.3. Naibibigay ang sariling pananaw ukol sa kahalagahan ng pagsali ng<br>Pilipinas sa kalakalang pandaigdig P5KPK-IIIg-i6 |
| **II. Nilalaman** | Paraan ng Pananakop ng mga Espanyol sa mga Katutubong Pangkat | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | CG p.52 | CG p.52 | CG p.52 | CG p.52 | CG p.52 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | | | | | |
| 3. Mga Pahina sa Teksbuk | | | | Pilipinas: Bansang Malaya pahina 90-92 | MAKABAYAN,<br>Kasaysayang Pilipino 5 pahina 104-106 |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource | | | google, Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA | https://www.youtube.com/watch?v=k4pk8OdFztU | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | tsart, larawan, activity card | DLP, activity sheets, manila paper | DLP, puzzle, activity sheets | power point presentation, mga larawan, task kards,<br>video clip | power point presentation, mga larawan, task kards, graphic organizer |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin | 1. Balitaan tungkol sa napapanahong isyu. | A. Panimulang Gawain | 1. Balitaan tungkol sa mga isyung napapanahon. | 1. Balitaan tungkol sa napapanahong isyu ng bansa | 1. Balitaan tungkol sa mga napapanahong isyu |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. Balik-aral<br>Ano ang mabuting epekto ng kolonyalismo sa buhay ng mga sinaunang<br>Pilipino?<br>Panimulang Pagtataya:<br>Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad ng bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot.<br>1. Ang ating mga ninuno ay may mga pinaniniwalaang Diyos -Diyosan bago pa man dumating ang mga Espanyol. Nang dumating ang mga Kastila, anong relihiyon ang kanilang pinalaganap?<br>A. Aglipay C. Paganismo<br>B. Budismo D. Kristiyanismo<br>2. Dumating ang mga Kastila upang sakupin ang Pilipinas. Bakit naging madali kay Miguel Lopez de Legazpi ang pananakop sa ating bansa?<br>A. dahil sa pagkawatak- watak ng mga bayan<br>B. dahil may pagkakaisa ang mga katutubo<br>C. dahil nagtutulungan ang mga katutubo<br>D. dahil sama- sama ang mga bayan<br>3. Madaling nasakop ng mga Espanyol ang mga kapuluan dahil sa pagkawatak- watak ng maraming pulo at dahil sa mabisang paraan ng kanilang pananakop. Ano ang mga paraang ito?<br>A. krus at espada C. lapis at papel<br>B. krus at bibliya D. relihiyon at korona<br>4. Ang espada ay ginamit upang supilin ang pagtatanggol ng mga katutubo.<br>Ano ang ginamit upang hubugin ang isip at diwa ng mga katutubo?<br>A. bibliya C. lakas<br>B. korona D. krus<br>5. Kung ang krus ay ginamit upang hubugin ang isip at diwa ng mga katutubo. Ano naman ang ginamit laban sa mga Pilipinong tumangging | 1. Balitaan tungkol sa isyung napapanahon.<br>2. Balik-aral<br>☂ Ano ano ang mga naging reaksyon ng mga katutubong Pilipino sa pagdating ng mga Katila.<br>☂ Paano tinanggap ng mga katutubo ang pananakop ng mga dayuhan?<br>3. Panimulang Pagtataya<br>Basahin ang mga tanong at pillin ang titik ng tamang sagot.<br>1. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing dahilan ng mga Espanyol sa<br>pagsakop sa mga Katutubo?<br>A. Upang mapalaganap ang relihiyong Katoliko<br>B. Upang lumawak ang kolonyang sakop ng Espanya.<br>C. Upang mapakinabangan ang mga likas na yaman na matatagpuan<br>sa bansa.<br>D. Upang mapaunlad ang bansa sa ilalim ng pamamahala ng mga Espanyol at matulungan mabago ang antas ng pamumuhay ng<br>mga Katutubo<br>2. Iba't iba ang naging reaksyon ng mga Katutubo sa pananakop ng mga Espanyol. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpakita ng naging damdamin ng mga Katutubo laban sa mga dayuhan?<br>A. Sumiklab ang galit ng mga Katutubo sa pananakop ng mga Kastila<br>B. Nag-umpisang lumaban ang mga Katutubo para sa sariling<br>kalayaan<br>C. Hindi pinansin ng mga Katutubo ang pagdating ng mga Espanyol at ipinagpatuloy nila ang kanilang pamumuhay sa kabundukan<br>D. Masayang tinanggap ng ng ilang Katutubo ang ginawang pagsakop<br>ng mga Espanyol kapalit ang ipinangakong kaligtasan mula sa relihiyong Katoliko<br>3. Maraming mabisang paraan ang ginawa ng mga mananakop upang | 2. Balik-aral<br>Maglahad ng ideya kaugnay ng mga parirala na ipakikita/ ipababasa ng guro | 2. Balik - aral<br>☂ Ano ano ang mga naging reaksyon ng mga katutubong pangkat sa armadong pananakop ng mga Espanyol?<br>3. Panimulang Pagtataya<br>Basahing mabuti ang mga sumusunod. Piliin ang titik ng tamang sagot. | 2. Balik-aral<br>Dahil iba't-ibang pang-aabuso ang naranasan ng mga katutubong Pilipino<br>sa kamay ng mga Espanyol, bunga nito ang mga mga pag-aalsang ginawa<br>nila, ano-ano ang mga ito? Ibigay ang pagkakilanlan ng bawat isa.<br>3. Panimulang Pagtataya<br>Basahing mabuti ang mga sumusunod. Piliin ang titik ng tamang sagot<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | magpasakop sa mga Kastila?<br>A. espada C. korona<br>B. bibliya D. krus | mapasailalim ang mga Katutubo sa kanilang kapangyarihan. Alin sa mga sumusunod ang nagpapatunay nito?<br>A. Dahil sa magkakahiwalay na lugar o tirahan ng mga tribo ay pinagaway-away nila ito upang magkaroon sila ng magkaibang<br>paninindigan at paniniwala.<br>B. Gumawa sila ng mga sandatang makabago at ginamit sa mga Katutubong hindi sumang-ayon sa kanilang pamamalakad.<br>C. Sinakop nila nang buong pwersa ang mga Katutubo saan mang<br>bahagi ng kabundukan sila naroon.<br>D. Hinayaan nilang mamili ang mga Katutubo ng gusto nilang<br>paniwalaan at relihiyon.<br>4. Sino sa mga sumusunod na Katutubo ang nagpakita ng katapangan sa<br>paglaban sa mga mananakop na Espanyol?<br>A. Raja Sikatuna C. Ferdinand Magellan<br>B. Lapu-Lapu D. Jose Basco<br>5. Ang mga sumusunod ay implikasyon ng lakas-militar ng mga Espanyol.<br>Alin sa mga sumusunod na armas ang hindi nagamit sa panahon ng pananakop laban sa mga katutubo?<br>A. Kanyon C. itak<br>B. Espada D. baril | | | |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | Pagpapakita ng mga larawan ng paraan ng pananakop ng mga Kastila. At<br>sabihin kumg ano ang ipinahihiwatig nito. | Ipakita ang mga sumusunod na larawan ng iba't ibang uri ng armas at hayaan ang mga batang maglahad ng opinyon o sariling damdamin kaugnay ng nakita.<br>☂ Saan karaniwan ginagamit ang mga sandatang nasa larawan?<br>☂ Ano kaya ang kaugnay ng mga sandata sa pagtatagumpay ng ilang pananakop noong unang panahon? | Panimulang Pagtataya<br>Basahin ang mga tanong at pillin ang titik ng tamang sagot.<br>1. Bakit nahirapan ang mga Espanyol na tuluyang sakupin ang mga Katutubo?<br>A. Sapagkat iba't iba ang lingguwahe o wika ng mga Katutubo<br>B. Sapagkat marami sa kanila ang lumaban at nag-alsa<br>C. Sapagkat layo-layo ang kanilang mga tirahan<br>D. Lahat ng nabanggit ay tama.<br>2. Sino sa mga sumusunod na Katutubo ang nagpakita ng matapang na | Pagpapakita ng mga larawan sa pamamagitan ng slideshow presentation.<br>Iugnay ito sa aralin<br>Ano ang ipinakikita sa larawan? | Hulaan Mo, Larawan Ko!<br>Ipahula kung ano ang mga nasa larawan sa pamamagitan ng pag-aayos<br>ng mga jumbled letters |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | pagtutol sa mga armadong mananakop?<br>A. Ang mga Ita o Negrito na nakatira sa mga kabundukan<br>B. Ang mga Babaylan na may sariling paniniwala at kultura<br>C. Ang mga Muslim na lubos na nagpahalaga sa sariling relihiyon at paniniwala<br>D. Ang mga Itneg na bumalik sa kabundukan upang hindi marating ng mga Espanyol ang kanilang mga tirahan<br>3. Anong katangian ang ipinakita ng mga Katutubo na nag-alsa laban sa mga mananakop na Espanyol?<br>A. Katapangan at pagkamakabayan<br>Paghiwahiwalay ng mga tribo sa mga kabundukan<br>Mabisang Paraan ng Pagsakop ng mga Espanyol<br>Krus at Espada<br>Armadong Pananakop ng mga Kastila<br>B. Katapangan at kayabangan.<br>C. Katapangan at kadakilaan.<br>D. Katapangan at kamangmangan<br>4. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpakita ng pagtanggap ng<br>mga katutubo sa mga mananakop?<br>A. Ang pag-anib sa sandatahang lakas ng mga Espanyol<br>B. Ang pagpapabinyag ng ilang mga Katutubo upang maging<br>Kristiyano<br>C. Ang pagtakas ng mga Katutubo at pagtungo sa malalayong<br>bahagi ng kabundukan<br>D. Ang paglimot sa mga kultura at paniniwala na nakagisnan nila at pagtanggap sa relihiyong Kristyanismo<br>5. Maituturing kayang matagumpay ang naging pagsakop ng mga armadong pangkat sa mga Katutubo? Bakit?<br>A. Opo, sapagkat maraming katutubo ang naging Kristiyano<br>B. Opo, sapagkat maraming Katutubo ang namatay at nawalan ng | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | sariling paniniwala at paninindigan<br>C. Hindi po, sapagkat marami pa ring Katutubo ang napanatili ang sariling kultura at paniniwala<br>D. Hindi po, sapagkat maraming Katutubo ang tumakas at nagtago. | | |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Basahin at unawain ang isinasaad ng talata sa loob ng parehaba.<br>Ginamit ng mga Kastila ang alok na pakikipagkaibigan upang mapaamo ang mga katutubo. Ipinakita nilang mabuti ang kanilang hangarin sa pagdayo sa bansa. Ang pagpapaunlad ng pamumuhay ng mga Pilipino at ang pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyanismo na nagbibigay ng kaligtasan sa lahat ang naging katwiran nila sa pananakop.<br>Maraming Pilipino ang naniwala sa mga Kastila. Tinanggap nila ang mga Kastila at nangako ng katapatan sa kaharian ng Espanya. Nagpabinyag sila sa relihiyon ng mga Kastila - ang Kristiyanismo. Naging madali kay Legaspi ang pananakop sa Pilipinas dahil na rin sa pagkakawatak- watak ng mga bayan sa maraming mga pulo. Sinamantala ng mga dayuhan ang ganitong kalagayan na mahina ang kaharian ng mga katutubo. Mabisang sandata ng mananakop ang 'espada at krus'. Ang espada ang kanilang ginamit upang supilin ang pagtatanggol ng mga katutubo o mga Pilipinong tumangging magpasakop sa mga Kastila; ang krus naman ang ginamit upang hubugin ang isip at diwa ng mga katutubo para maamong magpasailalim sa relihiyon at korona ng Espanya. Hinubog ng relihiyon ang kultura at gawi ng mga katutubo. | Gawain 1 Approach: Collaborative Strategy: Think-Pair-Share<br>Pangkat I - Mula sa larawan sa ibaba, bumuo ng konsepto sa ginawang pagsakop ng pangkat ni Magelan sa mga katutubo sa Mactan. Sagutin ang mga konsepto sa kahon bilang gabay sa pag-uulat ng pangkat<br>Approach: Constructivism Strategy: Graphic Representation<br>Pangkat II- Basahin ang mga impormasyon kaugnay ng ginawang pananakop ng mga Kastila laban sa mga katutubo. Punan nang wastong sagot kaugnay ng mga tanong sa loob ng kahon. Iulat sa klase ang natapos na gawain. | Ipanood ang video ng balita kaugnay sa mga Katutubo na nagrali sa harap ng American Embassy. (video clips mula sa TV Patrol)<br>🚍 Ano ang iyong naramdaman matapos mapanood ang video?<br>🚍 Ano ang mahigpit na ipinaglalaban ng mga Katutubo?<br>🚍 Ano ang naging reaksyon ng mga Katutubo laban sa mga pulis na pumigil sa karapatan nilang magpahayag ng saloobin laban sa Amerika? | 1. Gawain –Pangkatang Gawain<br>Pagdulog: Constructivism<br>Estratehiya: Direct Instruction<br>Gawain: 3 A's Activity<br>Basahin at unawaing mabuti ang tekstong ilalahad ng guro sa pamamagitan ng powerpoint slides. Pangkatin ang klase sa apat upang maisagawa ang kaugnay na mga Gawain<br>Pangkat 1-Lights, Camera, Action<br>Basahin at bigyang buhay ang dula-dulaan tungkol sa pag-aalsa nina Lakandula at Sulayman at Juan Sumuroy<br>Pangkat 2- Pantomime Time<br>A. Basahing mabuti ang nakapaloob sa teksto, pagkatapos sa pamamagitan ng piping palabas o pantomina, ipakita ang mahahalagang pangyayaring naganap sa pag-aalsa na pinamunuan ni Francisco Maniago at Francisco Dagohoy.<br>Pangkat 3- Iarte Mo Nga!<br>Basahin at bigyang buhay ang dula-dulaan tungkol sa pag-aalsa ng magasawang Silang.<br>Pangkat 4- Basahin at suriing mabuti ang nilalaman ng teksto. Bigyang katwiran o dahilan ang ginawang pag-aalsa ng mga katutubong Pilipino laban sa mga Espanyol. Isulat ang sagot sa loob ng hugis. | 1. Gawain<br>Pagdulog: Constructivism Approach<br>Estratehiya: Direct Instruction<br>Gawain: TGA Activity<br>Pangkat 1- Gumawa ng ilustrasyon tungkol sa pagbubukas ng Maynila sa kalakalang pandaigdig gamit ang graphic organizer.<br>Pangkat 2 – Gamit ang graphic organizer, ibigay ang mahalagang bahaging ginampanan ng pagbubukas ng Suez Canal sa pandaigdigang kalakalan at sa paggising ng damdaming makabayan ng mga Pilipino.<br>Pangkat 3- Gamit ang graphic organizer, sa pamamagitan ng pagsusuri gamit ang teksto, isa-isahin ang mga naging bunga o epekto ng pagbubukas ng bansa sa pandaigdigang kalakalan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Pangkatang Gawain<br>A. Pangkat 1- Role Playing- Collaborative Approach<br>Ginamit ng mga Kastila ang alok na pakikipagkaibigan upang mapaamo ang<br>mga katutubo. Ipinakita nilang mabuti ang kanilang hangarin sa pagdayo sa bansa. Ang pagpapaunlad ng pamumuhay ng mga Pilipino at ang pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyanismo na nagbibigay ng kaligtasan sa<br>lahat ang naging katwiran nila sa pananakop.<br>Maraming Pilipino ang naniwala sa mga Kastila. Tinanggap nila ang mga Kastila at nangako ng katapatan sa kaharian ng Espanya. Nagpabinyag sila<br>sa relihiyon ng mga Kastila - ang Kristiyanismo. Naging madali kay Legaspi<br>ang pananakop sa Pilipinas dahil na rin sa pagkakawatak- watak ng mga bayan sa maraming mga pulo. Sinamantala ng mga dayuhan ang ganitong<br>kalagayan na mahina ang kaharian ng mga katutubo. Mabisang sandata ng mananakop ang 'espada at krus'. Ang espada ang kanilang ginamit upang supilin ang pagtatanggol ng mga katutubo o mga Pilipinong tumangging<br>magpasakop sa mga Kastila; ang krus naman ang ginamit upang hubugin ang isip at diwa ng mga katutubo para maamong magpasailalim sa relihiyon at korona ng Espanya. Hinubog ng relihiyon ang kultura at gawi ng mga katutubo.<br>Ipakita ang paraan ng pananakop ng mga Kastila sa mga Katutubo<br>B. Pangkat II- Peer Teaching – Collaborative Approach<br>Pumili ng lider sa pangkat.<br>Ipaliliwanag muli ng lider ang aralin tungkol | Ano-ano ang mga layunin ng pagsakop ng mga Espanyol sa Pilipinas?<br>Paano ipinakita ng mga Espanyol ang pwersa laban sa mga Katutubo?<br>c. Paano nagkaroon ng magandang ugnayan ang mga Espanyol at ilang Katutubo?<br>d. Paano ipinaglaban ng mga Katutubo ang kanilang kalayaan?<br>e. Ano ang naging bunga ng armadong pananakop ng mga Espanyol sa<br>mga katutubo? | 1. a. Gawain 1-Basahin ang ilang mahahalagang detalye kaugnay sa naging<br>reaksyon ng mga Katutubo sa ilalim ng armadong pangkat ng mga<br>Espanyol<br>b. Gawain 2- Mula sa mga detalye at impormasyon na binasa, hayaan ang mga batang buuin ang Concept Map sa ibaba. Ipalahad sa mga bata ang mga sitwasyon na magpapatunay ng kanilang kasagutan batay sa mga detalye na napag-aralan o binasa. | 1. Ano ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa pang-aabusong naranasan nila sa kamay ng pamamahala ng mga Espanyol?<br>2. Sino-sino ang mga naunang Pilipinong nag-alsa laban sa mgaEspanyol?<br>3. Ano-ano ang mga dahilan ng pag-aalsang isinagawa ng mga katutubo?<br>4. Ano ang pangunahing adhikain ng mga namuno sa mga pag-aalsa?<br>5. Ano ang naging resulta ng mga pag-aalsang ito? Bakit? | a. Bakit binuksan ang mga daungan sa Maynila?<br>b. Kailan binuksan ang Pilipinas sa pandagidigang kalakalan? Bakit?<br>c. Ano-ano ang mahahalagang bahaging ginampanan ng pagbubukas<br>ng Suez Canal sa pandaigdigang kalakalan at pagsibol ng damdaming makabayan ng mga Pilipino?<br>d. Ano- ano ang mga naging bunga o epekto ng pagbubukas ng bansa<br>sa pandaigdigang kalakalan?<br>e. Sino-sino ang mga bumubuo sa panggitnang-uri (middle class) sa lipunan? Sinu-sino ang mga ilustrado?<br>f. Ano-ano ang mga halimbawa ng kaisipang liberal?<br>g. Nakabuti ba sa mga Pilipino ang mga pagbabagong naranasan nila sa<br>pagbubukas kalakalang pandaigdig? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | sa paraan ng pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubo.Itala ang mga paraan at ipaliwanag ito.<br>Senaryo: Pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas. Ang mga Kastila ay makikipagkaibigan sa mga katutubo.<br>Mga Kastila: Narito kami ngayon sa inyong lupain upang paunlarin<br>ang inyong kabuhayan at ipalaganap at relihiyong<br>Katoliko kung saan lahat ng mananampalataya ay<br>maliligtas. Hindi kami mga kaaway bagkus kami ay<br>inyong mga kaibigan<br>Mga Katutubo: Sumasang- ayon po kami at tinatanggap naming ang inyong pagdating gayun din ang relihiyong Katoliko.<br>Kami ay magpapabinyag upang ipakita namin ang<br>aming pananampalataya.<br>Senaryo: Magkakaroon ng binyagan sa mga katutubo. Ngunit may<br>mga katutubong hindi sang- ayon dito.<br>Mga Katutubo: Kami ay hindi pumapayag sa inyong nais. Hindi namin kayo tinatanggap dito sa aming lupain pati na<br>rin ang sinasabi ninyong pananampalataya.<br>Mga Kastila: Kung gayon, hindi kayo maliligtas at parurusahan<br>kayo ng Panginoon!<br>Senaryo: Magkakaroon ng digmaan sa pagitan ng mga Espanyol at<br>mga katutubo kung saan nagwagi ang mga Espanyol dahil sa lakas<br>ng mga armas na kanilang ginamit.<br>C. Pangkat III- Mind Mapping- Constructivism Approach<br>Isulat ang paraan ng pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubo. | | | | |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | a. Pag-uulat sa ginawang awput<br>b. Ano ang mga ginawang paraan ng pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubo? | | a. Ano-ano ang naging reaksyon ng mga Katutubo sa armadong pananakop ng mga Espanyol? | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 1. Pinaunlad ang pamumuhay ng mga Pilipino.<br>2. Nakipagkaibigan sa mga katutubong Pilipino.<br>3. Gumamit ng espada at dahas upang supilin sa paglaban ang mga katutubo.<br>4. Gumamit ng krus upang hubugin ang isip at diwa ng mga katutubo.<br>5. Ipinalaganap ang Kristiyanismo at nagpabinyag ang mga katutubo.<br>c. Ano ang sinasagisag ng krus sa paraan ng pananakop ng mga Espanyol?<br>Sagot: ginamit upang hubugin ang isip at diwa ng mga katutubo<br>d. Ano ang sinasagisag ng espada sa pananakop ng mga Espanyol?<br>MGgian aPwaraa nangg msag Pa aEnsapnaankyoopl Ksaat umtugbao esGpaudmaa amt idt anhga s uppaanggla bsuapni lainn gs a mga katutubo.<br>pPaimnauumnulahda ay nngg mga Pilipino.<br>Guupmaangm hit unbgu kgrinu s nagn mg gisaip k aattu dtuiwbao . Nakipsaa gmkagiab igan kaPtuilitpuibnoon. g IpKirnisatliaygaannisampo a antg nmaggap akbaitnuytaugb oanngg Pilipino.<br>Sagot: ginamit upang supilin sa paglaban ang mga katutubo.<br>e. Ano ang relihiyong tinanggap ng ating mga katutubo?<br>Sagot: Kristiyanismo<br>f. Naging madali ba sa mga Espanyol na sakupin ang ating bansa? Bakit?<br>Sagot: Naging madali dahil gumamit ang mga Espanyol ng mga pamamaraan upang maging madali ang pananakop sa mga katutubong Pilipino bukod pa sa pagkakawatak-watak ng mga barangay sa<br>kapuluan. | | b. Bakit pinili ng ilang Katutubo ang tanggapin ang relihiyong Katoliko sa kabila ng pagpapahalaga nila sa sariling paniniwala?<br>c. Sino sa pangkat ng mga Katutubo ang higit na nagpakita ng katapangan upang ipaglaban ang sariling paniniwala at kultura? Bakit?<br>d. Paano nagising ang diwang makabayan ng mga Katutubo sa pagdating<br>ng mga mananakop?<br>e. Masasabi bang nagtagumpay ang mga Espanyol sa kanilang pananakop sa mga Katutubo? Bakit?<br>f. Ano ang mga dahilan ng pagkabigo ng mga armadong pangkat sa pananakop sa ilang Katutubo? | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| F. Paglinang sa Kabihasnan (Tungo sa Formative Assessment) | Kung ikaw ay isa sa mga kasapi ng barangay na pinuntahan at hinikayat ng mga Espanyol noong unang panahon, ano ang iyong magiging reaksyon? | Paano ipinakita ng mga katutubo ang pagpapahalaga sa sariling kultura at kalayaan sa pagdating ng mga Espanyol? Ano kaya ang implikasyon nito sa kasalukuyang panahon? | Sa kasalukuyan, ang pamahalaan ay gumagawa ng paraan upang marating at matulungan ang ilang tribo o katutubo sa ating bansa. Sa kabila ng mga programa at proyekto ng ating bansa, marami pa ring mga Katutubo ang salat sa mga pangangailangan at karapatang pantao. Sa kabila nito, ang kultura at pagmamahal sa bayan o lupang sinilangan ay hindi nawala sa kanila at patuloy pa rin nilang napangangalagaan. Sa paanong paraan nila ito naipakita? | Kung ikaw ay tatanungin, sa paanong paraan tayo makakahingi ng pagbabago sa ating pamahalaan nang hindi gumagamit ng anumang dahas? | ☂ Ano ang masasabi mo sa ginawang pagbubukas ng mga Espanyol ng ating bansa sa pandaigdigang kalakalan? Sang-ayon ka ba sa ginawang ito ng mga Espanyol? Bakit?<br>☂ Ikaw bilang sumisibol na kabataang Pilipino, sa paanong paraan mo maipakikita ang pagmamahal sa ating bansa? |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay | Matagal na panahon na ang nakalilipas nang sakupin ang Pilipinas ng mga dayuhan. Ang dating uri ng pamumuhay noon ng mga sinaunang Pilipino ay napalitan sa pagdating at paraan ng pananakop na ginawa ng mga dayuhan. Kung muling magkakaroon ng pagtatangka sa kalayaan ng mga Pilipino, ano ang gagawin mo bilang isang kabataan? | Basahin ang sitwasyon sa ibaba at ilahad ang saloobin kaugnay nito. Magkaroon ng maikling debate kaugnay ng paksa. Ilan sa mga katutubo ay tinanggap na lamang ang ginawang pananakop ng mga Espanyol, at ang iba nama ay tumakas at lumaban sa mga dayuhan.<br>Kung ikaw ay isa sa kanila alin ang iyong pipiliin? Bakit? | Bumuo ng maikling dula-dulaan kaugnay sa iba't ibang reaksyon ang ipinakita ng mga Katutubo sa armadong pananakop ng mga Espanyol. Mula sa mga reaksyong ito ay napatunayan ang naging pagpapahalaga, pagtanggap, sakripisyo at paghihirap ng mga Pilipino sa kamay ng mga mananakop.<br>Pangkat I- Malugod na pagtanggap sa relihiyong Katolisismo, pagpapabinyag at pakikinig ng Banal na Misa sa pangunguna ng mga prayle<br>Pangkat II- Pagtakas mula sa mga armadong espanyol pagtahak sa mas mataas at malayong bahagi ng mga kabundukan<br>Pangkat III- Pagpapatuloy ng paniniwala at kultura sa kabila ng pananakop ng mga Espanyol, pagsasalo-salo ng mga katutubo at pananampalataya sa ilang bahagi ng kalikasan<br>Pangkat IV- Pag-aalsa laban sa mga armadong pangkat, pagbuo ng pangkat na mga Tribo Na makikipaglaban sa mga dayuhan gamit ang Itak at sibat. | Paglalapat<br>Ipanood ang video clip tungkol sa unang pag-aalsa ng mga unang Pilipino.<br>a. Ano ang naramdaman mo matapos mapanood ang video?<br>b. Anong aral ang dapat nating matutuhan sa pag-aalsa ng ating mga ninuno noon? Paano natin maisasabuhay ang aral na ito? | Gamit ang mga larawang ipakikita ng guro, ibigay ang mahahalagang detalye o pagkakakilanlan ng mga ito sa pagbubukas ng Maynila sa Kalakalang Pandaigdig |
| H. Paglalahat ng Aralin | Sa paanong paraan nasakop ng mga Kastila ang mga Katutubong Pilipino? | Ano-ano ang mga paraan ng pananakop na ginawa ng mga armadong Espanyol sa pagsakop sa mga katutubo? | Ano-ano ang mga naging reaksyon ng mga Katutubong Pilipino sa mga aramdong pananakop ng mga Espanyol? | Ano-ano ang mga isinagawang rebelyon o pag-aalsa ng mga katutubong Pilipino? | Bakit binuksan ang mga daungan sa Maynila?<br>Ano ang mahalagang bahaging ginampanan ng pagbubukas sa |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ☂ Nasakop ng mga Espanyol ang mga katutubong Pilipino gamit ang krus at espada. Ang espada ay ginamit upang supilin ang pagtatanggol ng mga katutubo samantalang ang krus ay ginamit upang hubugin ang isip at diwa ng mga katutubo.<br>☂ Madaling nasakop ng mga Espanyol ang Pilipinas dahil sa pagkawatak- watak ng mga barangay sa kapuluan. | | | Anu-ano ang mga naging dahilan ng pag-aalsa ng mga katutubong Pilipino? | Suez Canal sa paggising ng damdaming makabayan ng mga Pilipino?<br>Anu- ano ang mga naging bunga o epekto ng pagbubukas ng bansa sa pandaigdigang kalakalan? |
| I. Pagtataya ng Aralin | Pagtataya<br>Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad ng bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.<br>1. Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas, may pinaniniwalaan at sinasamba na ang ating mga ninuno. Anong relihiyon ang kanilang ipinakilala sa mga katutubo?<br>A. Kristiyanismo C. Budismo<br>B. Hinduismo D. Paganismo<br>2. Ang mga sumusunod ay mga dahilan kung bakit madaling nasakop ng mga Espanyol ang mga katutubo, maliban sa isa. Alin ito?<br>A. walang pagkakaisa ang mga katutubo<br>B. watak- watak ang kanilang pamayanan<br>C. madaling naniwala ang mga katutubo sa mga Kastila<br>D. nakipaglaban ang mga katutubo upang hindi masakop ng dayuhan<br>3. Maraming paraan ang ginawa ng mga Espanyol upang masakop ang mga katutubo. Anong mabisang sandata ang kanilang ginamit?<br>A. krus at espada C. lapis at papel<br>B. korona at bibliya D. korona at relihiyon | Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon sa ibaba. Piliin ang titik ng tamang sagot.<br>1. Ang pagsakop ng mga Kastila sa mga katutubo ay implikasyon na maraming kapakipakinabang na bagay ang makukuha sa bansa. Alin sa mga sumusunod ang HINDI dahilan ng kanilang pananakop?<br>A. Pakinabangan ang likas na yaman ng bansa<br>B. Gawing kolonya ang bansa upang lalong lumakas ang kanilang soberanya<br>C. Maipalaganap ang relihiyong Kristiyanismo<br>D. Mapaunlad ang Pilipinas upang makilala sa buong mundo<br>2. Sa ginawang pagsakop ng mga Espanyol sa mga katutubo, ilan sa mga Pilipino ang tumanggap at naging kaibigan ng mga dayuhan. Bakit?<br>A. Payapang inialok ng mga misyonero kasama ang mga sundalo ang kanilang layunin habang isinasagawa nila ang ritwal ng Katolisismo<br>B. Gumamit sila ng pwersa kung kaya't napilitan ang mga Katutubo na tanggapin sila<br>C. Nabighani ang mga katutubo sa ipinangakong kaligtasan ng mga dayuhan<br>D. Nagkaroon sila ng pagkakataon mabago ang kanilang pamumuhay sa | Basahin ang bawat sitwasyon sa ibaba. Piliin ang titik ng tamang sagot.<br>1. Sa pagdating ng mga armadong pangkat ng Espanyol, alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpakita ng reaksyon ng mga Katutubo?<br>A. Naging masaya sila sa naging pagtugon ng mga armadong pangkat sa kabila ng kanilang pagtutol sa paniniwala ng mga dayuhan<br>B. Tinanggap nila nang buong puso ang Kristyanismo dahil sa pangakong kaligtasan na dala ng pananampalataya dito<br>C. Bumuo ng pangkat ang mga Tribo na nag-alsa at nakipaglaban sa mga mananakop na Espanyol<br>D. Tumakas sila at nagpakalayo-layo kapalit ang pagpapanatili ng kalayaan sa sarili nilang pamayanan<br>2. Alin sa mga sumusunod ang higit na nagpapakita ng pagpapahalaga sa sariling kultura at paniniwala?<br>A. Ang mga Katutubong tahimik na namuhay sa kabila ng mga pananakop<br>B. Ang mga Katutubong nag-alsa at nagbuwis ng buhay upang mapangalagaan ang kultura at bayan<br>C. Ang mga Katutubong tumakas at lumayo upang hindi marating ng mga dayuhan na mananakop<br>D. Ang mga Katutubong tinanggap ang mga pagbabagong dala ng mga | Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at isulat ang titik ng wastong sagot.<br>1. Ano ang naging reaksyon ng mga Pilipino nang mamulat sila sa katiwalian ng mga Kastila ukol sa relihiyon, diskriminasyon, mga patakarang pangkabuhayan at sobrang singil sa buwis?<br>A. himagsikan C. pag-aalsa<br>B. bayanihan D. pagkakapatiran<br>2. Itinuturing na pinakamahabang pag-aalsa sa kasaysayan ng Pilipinas.<br>A. Diego at Gabriela Silang C. Lakandula<br>B. Francisco Dagohoy D. Juan Sumuroy<br>3. Sino sa mga sumusunod na katutubong Pilipinong ang namuno sa unang pagaalsa?<br>A. Lakandula C. Francisco Maniago<br>B. Juan Sumuroy D. Diego at Gabriela Silang<br>4. Nagsagawa at pinamunuan ni Francisco Maniago ang pag-aalsa dahil sa sistemang polo at bandala, sino naman sa mga katutubong Pilipino ang nagsagawa rin ng pag-aalsa sa kagustuhang ipaglaban ang nawalang kalayaan ng mga Ilokano at pang-aabuso ng mga Kastila?<br>A. Diego Silang C. Francisco Maniago<br>B. Sulayman D. Juan Sumuroy<br>5. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga dahilan ng pag-aalsa ng mga katutubo | Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot sa bawat tanong. Isulat sa inyong sagutang papel.<br>1. Taong 1834, binuksan ng Pilipinas ang kalakalang pandaigdig, ang mga sumusunod ay ang kabutihang naidulot nito sa ating bansa at ekonomiya maliban sa isa, alin ito?<br>A. umunlad ang kalakalan sa bansa<br>B. umunlad ang kabuhayan ng mga Pilipino na nagbigay-daan sa paglitaw ng panggitnang-uri (middle class)<br>C. pagpasok ng kaisipang liberal na tumutukoy sa kalayaan, kalayaan sa relihiyon, demokrasya at karapatan ng tao<br>D. bumaba ang ani ng mga produkto tulad ng tabako, asukal at abaka sapagkat ang mga ito ay hindi na tinatangkilik sa pandaigdigang pamilihan<br>2. Mahalaga ang bahaging ginampanan ng pagbubukas ng Suez Canal na nagdurugtong sa dating magkahiwalay na Mediterranean at Red Sea sa |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 4. Ang krus ay ginamit upang hubugin ang isip at diwa ng mga katutubo. Ano ang ginamit upang madaling magapi ang mga katutubong Pilipino?<br>A. espada C. bibliya<br>B. B. krus D. korona<br>5. Sinasabing ang mga katutubong Pilipino ay ginamitan ng lakas upang sakupin<br>ng mga dayuhan. Ito naman ay ginamit upang hubigin ang isip at diwa ng mga<br>katutubo upang maamong mapasailalim sa relihiyon at korona ng Espanya.<br>Ano ito?<br>A. espada C. korona<br>B. bibliya D. krus | isang mas maunlad na pamamaraan<br>3. Bunga ng armadong pananakop ng mga Espanyol, maraming mga Katutubo<br>ang nakaranas ng karahasan mula sa mga dayuhan at maging sa mga kapwa Pilipinong umanib sa pwersa ng mga ito. Sino sa mga sumusunod ang nakaligtas mula sa pwersang pinairal ng mga Kastila?<br>A. Ang mga katutubong Pilipino na bukas ang loob sa pagtanggap sa Katolisismo<br>B. Ang mga Katutubong Pilipino na tumakas at namundok<br>C. Ang mga Katutubong Pilipino na lumaban at marahas na tumutol sa pananakop ng mga Espanyol<br>D. Ang mga Katutubong Pilipino na naging sundalo at kasama ng mga misyonero sa pagsakop sa ilan pang katutubo sa iba pang panig ng mga kabundukan<br>4. Ginamit ng mga mananakop ang espada at krus sa pagsakop sa mga Katutubo. Paano pinatunayan ng mga Espanyol ang kanilang pwersa laban sa kanila?<br>A. Gumamit sila ng mahuhusay na armas upang mapatay ang mga Katutubo na hindi magpasakop<br>B. Gumamit sila ng dahas at panlilinlang upang makuha ang tiwala ng<br>ibang Katutubo at kalaunan ay makatulong nila upang masakop ang bansa<br>C. Gumamit sila ng mga kanyon at nakamamatay na sandata laban sa mga<br>Katutubo<br>D. Gumamit sila ng mahusay na paraan ng pkikidigma at pagpatay sa mga Katutubo<br>5. Paano ipinakita ng mga Katutubo ang kanilang pagpapahalaga sa sariling bayan, kultura at paniniwala?<br>A. Tinanggap nila nang buong-puso ang mga pagbabagong dala ng mga | armadong pananakop ng Espanyol<br>3. Ang mga sumusunod ay dahilan ng kabiguan ng mga Espanyol na masakop<br>ang mga Katutubo, maliban sa isa.<br>A. Kawalan ng pagkakaunawaan sa pakikipagtalastasan sa pagitan ng mga Espanyol at mga Katutubo<br>B. Katapangang ipinamalas ng ilang Katutubo sa pamamagitan ng pag-aalsa<br>laban sa kanila<br>C. Pagtakas ng ilang Katutubo patungo sa mas malalayong bahagi ng kabundukan<br>D. Pagkakaroon ng kakaunting bilang na kasapi ng mga armadong pangkat<br>4. Bakit nag-alsa si Francisco Dagohoy laban sa mga Espanyol?<br>A. Sapagkat tinanggihan siya ng mga prayle na bendisyunan ang kanyang kapatid na namatay sa dwelo<br>B. Sapagkat isa siyang Muslim na lubos ang pagpapahalaga sa relihiyon at<br>paniniwala<br>C. Sapagkat nais niyang pangalagaan ang sariling relihiyon at kultura na taliwas sa paniniwala ng mga dayuhan<br>D. Sapagkat, gusto niyang magtayo ng sariling organisasyon o pangkat na magpapatuloy sa paniniwala ng mga Katutubo<br>5. Paano ipinakita ng mga Katutubo ang lubos na pagpapahalaga sa kultura at<br>bansa?<br>A. Hindi nila lubusang tinanggap ang mga pagbabago at paniniwalang dala ng mga Espanyol bagkus ay pinaglaban nila ang kinagisnang kultura at paniniwala.<br>B. Niyakap nila ang ibang relihiyon upang paniwalaan ang kaligtasang pangako ng mga Espanyol.<br>C. Gumamit sila ng mga panlilinlang upang magapi ang mga dayuhan<br>D. Tumakas sila na dala ang kanilang kultura at paniniwala. | laban sa mga Espanyol, alin dito ang hindi kabilang?<br>A. pang-aabuso at masamang gawain ng mga pinunong Espanyol<br>B. di makatarungang pagbubuwis ng mga Pilipino<br>C. nagkaroon ng kahandaan sa paggamit ng armas ang mga katutubo<br>D. kahigpitan sa relihiyon | paggising ng damdaming makabayan ng mga Pilipino. Kailan ito binuksan?<br>A. Nobyembre 14, 1789 C. Nobyembre 16, 1879<br>B. Nobyembre 15, 1679 D. Nobyembre 17, 1869<br>3. Ang mga sumusunod ay kabutihang naidulot ng pagbubukas ng Suez Canal sa pandaigdigang kalakalan, maliban sa isa, alin ito?<br>A. tumagal ng tatlong buwan ang paglalakbay mula Europa patungong<br>Maynila<br>B. maraming Pilipino ang nakarating sa Spain at sa ibang bansa sa Europa<br>upang mag-aral at maglakbay<br>C. nakita at naranasan kung paano mamuhay sa isang malayang<br>kapaligiran<br>D. napalapit ang Pilipinas sa Europa at Espanya at nahikayat na manlakbay<br>ang maraming Europeo sa Pilipinas.<br>4. Sapagkat ang mga Pilipino ay nabigyan ng pagkakataong na makapag-aral at<br>makapaglakbay sa Europa, napaunlad nila ang mga ideya o kaisipang liberal<br>tulad ng kalayaan, pagkakapantay-pantay at ________________.<br>A. pagkakabuklod-buklod C. pagkakapatiran<br>B. pagbabayanihan D. pagbabago<br>5. Ang mga liberal na ideya mula sa Europa ay umunlad tungo sa pagkakabuo<br>ng nasyonalismo sa huling bahagi ng ika-19 na siglo. Ano ang ibig sabihin ng<br>salitang nasyonalismo? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Espanyol<br>B. Malugod nilang niyakap ang relihiyong Katoliko upang mabago ang kanilang buhay.<br>C. Ilan sa mga katutubo ang nagbuwis ng buhay para mapangalagaan ang sariling kultura at paniniwala<br>D. Maraming katutubo ang tumakas at pumunta sa mga lugar na hindi matatagpuan ng mga Kastila kung kaya't napangalagaan nila ang sariling kultura at paniniwala. | | | A. pagpapakita ng pagpapahalaga sa bansa<br>B. paggalang at pagsunod sa mga kautusan ng mga Espanyol sa Pilipinas<br>C. pagmamahal sa bayan<br>D. paghihimagsik |
| J. Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation | 1. Ano ang kaibahan ng resulta ng pananakop ni Miguel Lopez de Legazpi<br>kumpara sa ibang mga nagsagawa ng ekspedisyon sa PIlipinas?<br>2. Ano ano ang mga paraang ginawa ni Miguel Lopez de Legazpi upang magtagumpay sa pananakop? | Takdang Aralin<br>Magbigay ng ilang pangunghusap na nagsasabi ng iba't ibang reaksyon ng mga<br>katutubong Pilipino sa ginawang pananakop ng mga espanyol | 1. Ano ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa pang-aabusong naranasan nila<br>sa kamay ng pamamahala ng mga Espanyol?<br>2. Sino-sino ang mga naunang Pilipinong nag-alsa laban sa mga Espanyol?<br>3. Ano-ano ang mga dahilan ng pag-aalsang isinagawa ng mga katutubo?<br>4. Ano ang pangunahing adhikain ng mga namuno sa mga pag-aalsa?<br>5. Ano ang naging resulta ng mga pag-aalsang ito? Bakit? | Magsaliksik tungkol sa talambuhay ng mga naging pinuno ng mga pag-aalsa gamit ang biographical montage.<br>Bigyang-pansin at halaga ang kanilang mga ginawa<br>para sa bayan. | Ano sa palagay mo ang epekto ng pagbubukas ng Pilipinas sa pandaigdigang<br>kalakalan noong ika-19 na siglo. |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | . | | | | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | ___Lesson carried. Move on to the next objective.<br>___Lesson not carried.<br>_____% of the pupils got 80% mastery | ___Lesson carried. Move on to the next objective.<br>___Lesson not carried.<br>_____% of the pupils got 80% mastery | ___Lesson carried. Move on to the next objective.<br>___Lesson not carried.<br>_____% of the pupils got 80% mastery | ___Lesson carried. Move on to the next objective.<br>___Lesson not carried.<br>_____% of the pupils got 80% mastery | ___Lesson carried. Move on to the next objective.<br>___Lesson not carried.<br>_____% of the pupils got 80% mastery |
| B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | ___Pupils did not find difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils found difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils did not enjoy the lesson because of lack of knowledge, skills and interest about the lesson.<br>___Pupils were interested on the lesson, despite of some difficulties encountered in answering the questions asked by the teacher.<br>___Pupils mastered the lesson despite of limited resources used by the teacher. | ___Pupils did not find difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils found difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils did not enjoy the lesson because of lack of knowledge, skills and interest about the lesson.<br>___Pupils were interested on the lesson, despite of some difficulties encountered in answering the questions asked by the teacher.<br>___Pupils mastered the lesson despite of limited resources used by the teacher. | ___Pupils did not find difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils found difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils did not enjoy the lesson because of lack of knowledge, skills and interest about the lesson.<br>___Pupils were interested on the lesson, despite of some difficulties encountered in answering the questions asked by the teacher.<br>___Pupils mastered the lesson despite of limited resources used by the teacher. | ___Pupils did not find difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils found difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils did not enjoy the lesson because of lack of knowledge, skills and interest about the lesson.<br>___Pupils were interested on the lesson, despite of some difficulties encountered in answering the questions asked by the teacher.<br>___Pupils mastered the lesson despite of limited resources used by the teacher. | ___Pupils did not find difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils found difficulties in answering their lesson.<br>___Pupils did not enjoy the lesson because of lack of knowledge, skills and interest about the lesson.<br>___Pupils were interested on the lesson, despite of some difficulties encountered in answering the questions asked by the teacher. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ___Majority of the pupils finished their work on time.<br>___Some pupils did not finish their work on time due to unnecessary behavior. | ___Majority of the pupils finished their work on time.<br>___Some pupils did not finish their work on time due to unnecessary behavior. | ___Majority of the pupils finished their work on time.<br>___Some pupils did not finish their work on time due to unnecessary behavior. | ___Majority of the pupils finished their work on time.<br>___Some pupils did not finish their work on time due to unnecessary behavior. | ___Pupils mastered the lesson despite of limited resources used by the teacher.<br>___Majority of the pupils finished their work on time.<br>___Some pupils did not finish their work on time due to unnecessary behavior. |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | ___Yes ___No<br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br>____ of Learners who caught up the lesson |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation |
| G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | *Strategies used that work well:*<br>**___Metacognitive Development**: **Examples:** Self assessments, note taking and studying techniques, and vocabulary assignments.<br>**___Bridging**: **Examples:** Think-pair-share, quick-writes, and anticipatory charts.<br>**___Schema-Building**: **Examples:** Compare and contrast, jigsaw learning, peer teaching, and projects.<br>**___Contextualization**: | *Strategies used that work well:*<br>**___Metacognitive Development**: **Examples:** Self assessments, note taking and studying techniques, and vocabulary assignments.<br>**___Bridging**: **Examples:** Think-pair-share, quick-writes, and anticipatory charts.<br>**___Schema-Building**: **Examples:** Compare and contrast, jigsaw learning, peer teaching, and projects.<br>**___Contextualization**: | *Strategies used that work well:*<br>**___Metacognitive Development**: **Examples:** Self assessments, note taking and studying techniques, and vocabulary assignments.<br>**___Bridging**: **Examples:** Think-pair-share, quick-writes, and anticipatory charts.<br>**___Schema-Building**: **Examples:** Compare and contrast, jigsaw learning, peer teaching, and projects.<br>**___Contextualization**: | *Strategies used that work well:*<br>**___Metacognitive Development**: **Examples:** Self assessments, note taking and studying techniques, and vocabulary assignments.<br>**___Bridging**: **Examples:** Think-pair-share, quick-writes, and anticipatory charts.<br>**___Schema-Building**: **Examples:**Compare and contrast, jigsaw learning, peer teaching, and projects. | *Strategies used that work well:*<br>**___Metacognitive Development**: **Examples:** Self assessments, note taking and studying techniques, and vocabulary assignments.<br>**___Bridging**: **Examples:** Think-pair-share, quick-writes, and anticipatory charts.<br>**___Schema-Building**: **Examples:** Compare and contrast, jigsaw learning, peer teaching, and projects. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Examples:** Demonstrations, media, manipulatives, repetition, and local opportunities.<br><br>___**Text Representation**:<br>**Examples:** Student created drawings, videos, and games.<br>___**Modeling**: **Examples:** Speaking slowly and clearly, modeling the language you want students to use, and providing samples of student work.<br><br>***Other Techniques and Strategies used:***<br>___ *Explicit Teaching*<br>___ Group collaboration<br>___Gamification/Learning throuh play<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>***Why?***<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's collaboration/cooperation in doing their tasks<br>___ Audio Visual Presentation of the lesson | **Examples:** Demonstrations, media, manipulatives, repetition, and local opportunities.<br><br>___**Text Representation**:<br>**Examples:** Student created drawings, videos, and games.<br>___**Modeling**: **Examples:** Speaking slowly and clearly, modeling the language you want students to use, and providing samples of student work.<br><br>***Other Techniques and Strategies used:***<br>___ *Explicit Teaching*<br>___ Group collaboration<br>___Gamification/Learning throuh play<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>***Why?***<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's collaboration/cooperation in doing their tasks<br>___ Audio Visual Presentation of the lesson | **Examples:** Demonstrations, media, manipulatives, repetition, and local opportunities.<br><br>___**Text Representation**:<br>**Examples:** Student created drawings, videos, and games.<br>___**Modeling**: **Examples:** Speaking slowly and clearly, modeling the language you want students to use, and providing samples of student work.<br><br>***Other Techniques and Strategies used:***<br>___ *Explicit Teaching*<br>___ Group collaboration<br>___Gamification/Learning throuh play<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>***Why?***<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's collaboration/cooperation in doing their tasks<br>___ Audio Visual Presentation of the lesson | ___**Contextualization**:<br>**Examples:** Demonstrations, media, manipulatives, repetition, and local opportunities.<br><br>___**Text Representation**:<br>**Examples:** Student created drawings, videos, and games.<br>___**Modeling**: **Examples:** Speaking slowly and clearly, modeling the language you want students to use, and providing samples of student work.<br><br>***Other Techniques and Strategies used:***<br>___ *Explicit Teaching*<br>___ Group collaboration<br>___Gamification/Learning throuh play<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>***Why?***<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's collaboration/cooperation in doing their tasks<br>___ Audio Visual Presentation of the lesson | ___**Contextualization**:<br>**Examples:** Demonstrations, media, manipulatives, repetition, and local opportunities.<br><br>___**Text Representation**:<br>**Examples:** Student created drawings, videos, and games.<br>___**Modeling**: **Examples:** Speaking slowly and clearly, modeling the language you want students to use, and providing samples of student work.<br><br>***Other Techniques and Strategies used:***<br>___ *Explicit Teaching*<br>___ Group collaboration<br>___Gamification/Learning throuh play<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>***Why?***<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's collaboration/cooperation in doing their tasks<br>___ Audio Visual Presentation of the lesson |